# Ang Kasal at Pamilya ay Inorden ng Diyos

## Kasal sa pagitan ng isang lalaki at ng isang babae

Pag-aralan:

Basahin ang Marcos 10:6–9; 1 Corinto 11:11; at ang sumusunod na pahayag ni Sister Bonnie L. Oscarson, dating Young Women General President. Hanapin ang mga turo tungkol sa kasal sa pagitan ng isang lalaki at ng isang babae.



Itinuro sa atin sa mga banal na kasulatan, "Gayon man, ang babae ay di maaaring walang lalake at ang lalake ay di maaaring walang babae, sa Panginoon" [1 Corinto 11:11]. Para matamo ng sinuman ang kaganapan ng mga pagpapala ng priesthood, kailangang mabuklod ang mag-asawang lalaki at babae sa bahay ng Panginoon, na nagtutulungan sa kabutihan, at nananatiling tapat sa kanilang mga tipan. Ito ang plano ng Panginoon para sa Kanyang mga anak, at walang anumang pagtalakay o pamimintas na makapagpapabago sa ipinahayag na ng Panginoon. . . . Maging mga tagapagtanggol tayo ng kasal tulad ng inorden ng Panginoon habang patuloy tayong nagpapakita ng pagmamahal at habag sa mga taong iba ang pananaw. (Bonnie L. Oscarson, "Mga Tagapagtanggol ng Pagpapahayag Ukol sa Mag-anak," *Liahona*, Mayo 2015, 15)

Talakayin:

- Paano nakatutulong ang kasal sa pagitan ng isang babae at ng isang lalaki para maisakatuparan ang "plano ng Tagapaglikha para sa walang hanggang tadhana ng Kanyang mga anak"? ("Ang Mag-Anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," ChurchofJesusChrist.org).
- Paano natin maipapakita ang pagkahabag sa mga taong iba ang pananaw habang ipinagtatanggol pa rin ang doktrina ng Tagapagligtas tungkol sa kasal sa pagitan ng isang lalaki at ng isang babae?

## "Magpakarami [at] punuin ninyo ang lupa"

Pag-aralan:

Basahin ang Genesis 1:27–28; Mga Awit 127:3; Marcos 10:13–14; at ang sumusunod na pahayag ni Elder Neil L. Andersen ng Korum ng Labindalawang Apostol. Hanapin ang mga turo ng Panginoon tungkol sa mga anak.



Kapag tumingin tayo sa mga mata ng isang bata, nakikita natin ang isang kapwa anak ng Diyos na nakasama natin sa buhay bago tayo isinilang.

Dakilang pribilehiyo ng isang mag-asawang maaaring magkaanak ang maglaan ng mga mortal na katawan para sa mga espiritung anak ng Diyos. Naniniwala tayo na mahalaga ang mga pamilya at mga anak.

Kapag isinilang ang isang bata sa isang mag-asawa, tinutupad nila ang bahagi ng plano ng ating Ama sa Langit na magdala ng mga bata sa lupa. Sabi ng Panginoon, "Ito ang aking gawain at aking kaluwalhatian—ang isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao" [Moises 1:39]. Bago maging imortal, kailangan munang maging mortal. (Neil L. Andersen, "Mga Anak," *Liahona*, Nob. 2011, 28)

Talakayin:

- Paano makatutulong ang pagtingin sa mga anak at pamilya nang may walang-hanggang pananaw para bigyang-priyoridad ng mag-asawa ang ilan sa kanilang mga desisyon?
- Ano ang matututuhan natin mula sa halimbawa ng Tagapagligtas hinggil sa pakikitungo at pakikipag-ugnayan natin sa mga bata?

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

© 2024 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. PD80007812_893_201-1